

SURVEILLANCE FOR TICK-BORNE DISEASE IN SAN MATEO COUNTY

Ang laboratoryo ng Distrito ay nagsasagawa ng isang pagsusubaybay sa sakit na mula sa garapata o nikip sa ilang mga piling lokal na parke bawat taon. Ang mga garapata o nikip ay kinokolekta sa pamamagitan ng paghihila ng isang kuwadradong puting tela sa ibabaw ng damo, mga nakatambak na dahon, at iba-brush sa tabi ng dinaanan nito. Ang mga garapata o nikip ay dumidikit sa mga tela na iniisip na ito ay isang host na maaari nilang makainan, at gumagamit ng forceps ang staff ng laboratoryo para kolektahin ang mga ito. Ang mga garapata o nikip na nakolekta habang nagbabantay ay kinikilala ayon sa specie at sinusuri para sa karaniwang mga pathogen na galing sa garapata o nikip tulad ng *Borrelia burgdorferi*, na sanhi ng Lyme disease. Ito ay nakakatulong sa laboratoryo na lubos pang matutunan ang tungkol sa panganib ng mga sakit na sanhi ng garapata o nikip sa ating county.

Ang mga serbisyo ng distrito ay libre sa lahat ng mga residente ng County ng San Mateo. Para humiling ng mga serbisyo:

Tumawag sa (650) 344-8592
o bumisita sa www.smcmvcd.org

San Mateo County Mosquito & Vector Control District

Pinoprotektahan ang Kalusugan ng Publiko mula pa noong 1916

San Mateo County Mosquito and Vector Control District ay isang independiyenteng espesyal na distrito na nakatuon sa pagbabantay ng kalusugan at kaginhawahan ng mga mamamayan ng County ng San Mateo sa pamamagitan ng isang may planong programa upang mabawasan ang mga lamok at iba pang mga hayop na nagdadala ng sakit.

ANG AMING MGA SERBISYO

Mosquito Surveillance & Control

Pagde-deliver ng Mosquito Fish

Pagkikilala at Edukasyon sa Garapata o Nikip

Pagkikilala at Edukasyon sa Insekto

Mga Inspekyon at Survey ng Rodent

Pagkokontrol ng Yellowjacket

Pampublikong Edukasyon

Vector-Borne Disease Surveillance



SAN MATEO COUNTY
MOSQUITO & VECTOR
CONTROL DISTRICT

(650) 344 - 8592
1351 Rollins Road
Burlingame, CA 94010

Lunes-Biyernes 8a.m.
hanggang 4:30p.m.
www.smcmvcd.org

HUWAG HAYAAN NA MAGKASAKIT KA DAHIL SA ISANG GARAPATA O NIKNIK SAN MATEO COUNTY MOSQUITO AND VECTOR CONTROL DISTRICT



SAN MATEO COUNTY
MOSQUITO & VECTOR
CONTROL DISTRICT

Pinoprotektahan ang Kalusugan ng
Publiko mula pa noong 1916

IWASANG MAKAGAT NG GARAPATA O NIKNIK

MAGBIHIS NG MAINAM BILANG DEPENSA

Wear long sleeves and pants, and tuck clothing in (pants into socks, and shirt into pants) so that ticks can't reach your skin. Choose light colors so that you can see and flick away any ticks on your clothing.

GUMAMIT NG REPELLENT

Magsuot ng damit na may mahahabang manggas at pantalon, at mag-tuck in (pantalon sa loob ng medyas, at shirt sa loob ng pantalon) para hindi maabot ng mga garapata o niknik ang iyong balat. Pumili ng mga light na kulay makita mo kaagad ang mapitik paalis ang anumang mga garapata o niknik na makita mong nakadapo sa iyong damit.

MANATILI SA GITNA NG DAANAN

Maghanap ng mga nakarehistro sa EPA na produkto na naglalaman ng kahit man lang 20% na DEET, Picaridin, o IR-3535. Parating magpahid o maglagay ng repellent ayon sa instruksyon sa etiketa nito. Maaari ka rin gumamit ng ginamot sa permethrin na damit para mapalayo ang mga garapata o niknik.

TINGNAN KUNG MAY MGA GARAPATA

Ang mga garapata o niknik ay hindi kayang tumalon o lumipad. Sa halip, hinihintay ng mga ito ang mga damo o dahon hangga't mapadikit ang isang tao o hayop dito. Maaari mong iwasan ang mga ito sa pamamagitan ng pananatili sa gitna ng anumang daanan at iwasan ang pagkakadikit sa brush, damo, at leaf litter. Huwag umupo sa sahig o sa mga putol na kahoy, o sumandal sa mga puno.

PROTEKTAHAN ANG IYONG ALAGANG HAYOP

Makalipas ang isang gawain sa labasan kung

saan maaaring may mga garapata o niknik, suriin ang iyong sarili, ang iyong mga anak, at ang iyong gamit panlabas nang mainam kung may mga nakadikit na garapata o niknik.

Tandaan ang tingnan ang mga lugar na hindi madaling makita, tulad ng looban at palibot ng mga tainga, sa anit, at sa ilalim ng mga braso. Ang paliligo kaagad pagkagaling sa labasan ay maaaring makaalis sa mga di nakakabit na garapata o niknik, at mapapahintulutan kang makita kung mayroon pa sa ibang parte ng iyong katawan.

ALISIN KAAGAD ANG GARAPATA

Kahit na ikaw ay nakagat ng isang may sakit na garapata o niknik, ang agapang pag-aalis nito ay makakapagpapababa sa posibilidad mong mahawa sa isang sakit na mula sa garapata o niknik. Para maalis ang isang nakadikit na garapata o niknik:

1. Gumamit ng tsani o tisyu (hindi mga daliri ng kamay lang) para mahila ang garapata o niknik sa pagkakabit nito sa balat. Kung ang mga garapata o niknik ay napisa gamit ang mga daliri, ang pagkakalantad sa mga likido ng katawan ng garapata o niknik ay maaaring maghantong sa paghahawa ng sakit.
2. Alisin palayo sa balat sa pamamagitan ng di gumagalaw ngunit pantay na presyon o diin. Huwag igalaw-galaw o paikutin ang garapata o niknik. Huwag kailanman subukan na silaban o patunga ng bagay ang garapata o niknik.
3. Pagkatapos na alisin ito, hugasan ang kinagatan na lugar at pati ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig, o gamit ang isang alcohol wipe.

4. Magpa-konsulta sa isang propesyonal sa kalusugan kung hindi mo magawang ganap na maalis ang isang garapata o niknik, o kung magkaroon ka ng pantal o lagnay pagkatapos na makagat ng isang garapata o niknik.

HINDI sinusuri ng Distrito ang mga garapata o niknik na isinumite ng isang residente kung may sakit ito o wala, ngunit makikilala namin ang mga garapata o niknik at makakapagbigay ng impormasyon sa panganib ng mga sakit na galing sa garapata o niknik sa County ng San Mateo. Basta't dalhin ang garapata o niknik sa District office kahit kailan kapag bukas ang tanggapan namin.

ANO ANG PANGANIB?

Ang Lyme disease ay ang pinakakaraniwang sakit na galing sa garapata o niknik sa California, na may 141 nakumpirmang mga kaso sa tao noong taong 2016. Ito ay dulot ng bakterya na *Borrelia burgdorferi*, at nalilipat sa mga tao sa pamamagitan ng isang kagad ng isang may sakit na western blacklegged tick o deer tick.

Ipinahiwatig ayon sa tick-borne disease surveillance program ng Distrito noong 2016/2017 na hanggang 3% ng mga nakolektang garapata o niknik sa County ng San Mateo ang nahawahan ng mga pathogen na maaaring maging sanhi ng mga sakit sa mga tao.

Kung makaranas ka ng mga sintomas pagkatapos na makagat ng isang garapata o niknik o pagkagaling sa labasan kung saan maraming mga garapata o niknik sa lugar, kailangan kang masuri ng isang medikal na propesyonal.